ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG DE LA SALLE SANTIAGO ZOBEL - BR. RAFAEL DONATO FSC NIGHT HIGH SCHOOL

UNANG ISYU T.P. 2024-2025 VOLUME 1

LUNTIANG BINHI

GUMAGAPAS SA PAGBASA, UMAANI SA PAGSULAT

Be "authentic" in a world full of "fakes"

Minulat ni G. Christian Gopez ang mga mamamahayag ng paaralang DLSZ-BRafeNHS bilang panauhin sa unang serye ng HASAAN lecture workshops.

KUHA NI: KEANNA ORTIZ



BALITA

BRAFENHS. NAGPASIKLAB SA IBA'T IBANG KOMPETISYON SA BNW!

ITULOY SA PAHINA 02

EDITORYAL

SA LETRANG O! OVERPRICED NA BILIHIN PAGKAKASYAHIN SA SESENTA'T KUWATRONG LAANG-GUGULIN

ITULOY SA PAHINA 05

LIBANGAN

PROYEKTO ASPILE: TATAK LASALYANO

ITULOY SA PAHINA 10

GOPEZ: MAGING MULAT AT HINDI MGA MALAT NA MANUNULAT

ISINULAT NI HERMIONE LOIS MATURAN

Nagbalik sa paaralan ang dating tagapayo ng Luntiang Binhi noong taong 2015-2018 na kasalukuyang tagapamahala ng De La Salle University sa Departamento ng Humanidades at Agham Panlipunan na si G. Christian Gopez, upang magbahagi ng kaalaman kung paano magagamit ang *artificial intelligence* o AI sa pamamahayag pangkampus, sa unang serye ng HASAAN.

Nagbigay-kamalayan ang naisagawang programa sa mga kasalukuyang isyung kinahaharap ng bansa. Ang pagtalakay ay iniugnay din ni Gopez sa *Leader In Me Habit 2: Begin with the End in Mind*, kung saan nararapat na magsimula sa pamamahayag na nakaugat sa matalinong pagmamasid.

Binigyang-diin din ng tagapagsalita ang tatlong mahahalagang gampanin ng isang tunay na mamamahayag: ang *Read*, *Research,* at *Write*, na siyang nagbigay-liwanag sa kahalagahan ng pamamahayag pangkampus upang isulong ang isang awtentikong pamamahayag.

Sa huli, iniwan ni G. Gopez ang paalalang, *"Be authentic in a world full of fakes"*. Bilang mga tunay na mamamahayag, nararapat na gamitin ang AI para sa kapakanan ng mga Pilipino at upang higit na magpakatotoo sapagkat sa panahong ito, "Tayo ang pag-asa ng bayan, ngayon na."

I-SCAN PARA SA IBA PANG BALITA!

POLLSUHAN: Epekto ng Heat Index sa mga Panggabing Iskolar

LATHALAIN

ISINULAT NI DARREN GITO LONGCOP

"Oh, Juan, sabi mo kanina ka pa naligo bago ka pumunta sa school, bakit basa pa rin buhok mo?"

"Pawis talaga 'yan"

Hindi ba kapag *ber months*, dapat lumalamig na? Bakit tagaktak pa rin ang pawis ng mga estudyanteng bagong ligo naman? Sa pagtaas ng *heat index*, para sa mga Lasalyanong Iskolar, kalaban nila ang mainit na panahon sa tuwing sumasabak sa mga laban araw-araw tulad ng *pagko-commute,* isyung pangkalusugan, at *mental health stability*.

Kaya naman, ang Luntiang Binhi ay nagsagawa ng **POLLSUHAN** upang malaman ang pulso ng mga panggabing iskolar sa patuloy na pagtaas ng temperatura sa bansa.

Ayon sa isinagawang sarbey, 93.8% sa mga nagsagot ang nagsabi na may direktang epekto sa kanila ang *heat index,*

ITULOY SA PAHINA 12

Ano-ano ang epekto sa iyo ng heat index?



- Pagkahilo, sakit sa balat, pagkakasakit
- Hirap sa pagkomyut
- Pagbaba ng *academic performance*

BALITA

DLSZ, wagi sa Inter La Salle!

ISINULAT NI FRANCHEZKA HUELGAS

Nagkamit ng ikalawang karangalan ang paaralang De La Salle Santiago Zobel (DLSZ) sa pangkalahatang kategorya sa pagdiriwang ng ika-14 taon ng Inter La Salle Sportsfest (ILES) na ginanap noong ika-3 at ika-10 ng Agosto 2024, sa DLSZ Alabang Campus at Alabang Country Club.

Ang naganap na *sportsfest* ay may temang *"Be the Spark: Igniting Excellence in Sportsmanship and Teamwork"* at may layong maipamalas ang kakayahang pampalakasan at pisikal, mapagtibay ang ugnayan, at makapagbigay ng kasiyahan sa mga kawani ng iba't ibang paaralang De La Salle.

Ilan sa mga inabangang palaro ay basketball, volleyball, darts, chess, slow pitch, table tennis, badminton, at e-games. Nagkaroon din ng mga aktibidad na sumubok sa kanilang talento at husay sa ballroom dancing, swimming, at triathlon.

ITULOY SA PAHINA 02

BALITANG XPRESS

KUHA NI: ANTONIO ANGORING
Piling mag-aaral sa bawat antas ay bumida sa entablado para sa segment na Dress to Impress: Teacher Verse Edition.

KAGURUAN, BIDA SA DRESS TO IMPRESS!

ISINULAT NI CHIRZTHEEN JOY JOBLE

Inirampa at ginampanan ng mga piling mag-aaral mula De La Salle Samtiago Zobel-Br. Rafael Donato Night High School (DLSZ-BRafeNHS) ang iba't ibang gurong kanilang hinahangaan bilang bahagi ng pagdiriwang ng Araw ng mga Guro hatid ng BRafeNHS Student Representative Coordinating Council (SRCC) na pinamagatang "Dress to Impress: Teacher Verse Edition", noong ika-10 ng Oktubre 2024, sa Tanghalan ng Sylvia P. Lina ng paaralan.

Ang nasabing programa ay nagsilbing sorpresa sa mga guro kung saan ibinida ng mga mag-aaral ang iba't ibang natatanging estilo, kagawian, at katangian ng mga guro na kadalasang nakikita ng mga mag-aaral. Pinuno ang teatro ng kasiyahan sa mga kakaibang pakulo na ginawa ng mga piling mag-aaral. Tampok din sa pagdiriwang ang pagtatanghal ng BRafeNHS Kpop Dance Cover Club, BRafeNHS Faculty Band at Pop Band, at maikling *teaser segment* ng YYY na *"Behind The Lecture"*.

Ang pagdiriwang na ito ay para sa mga Lasalyanong guro na inalay ang kanilang puso sa pagtuturo. Ito ay isang paraan upang ipakita ang pagpapahalaga at pagpapasalamat sa mga walang sawang gumagabay at naghahatid ng kaalaman sa loob ng komunidad ng BRafeNHS.

Nagpakitang-gilas sa pagtatanghal ng Moriones Festival ang Batch 2027 at hinirang na kampeon sa kompetisyong Bayani ng Lahi.
KUHA NI: KEANNA ORTIZ

BRAFENHS, NAGPASIKLAB SA IBA'T IBANG KOMPETISYON SA BNW!

ISINULAT NI PRINCESS JANE HERMOSA

Nagkaroon ng iba't ibang interaktibong palatuntunan sa ilalim ng kolaborasyon ng Luntiang Binhi, *Br. Rafael Donato FSC Night High School (BRafeNHS) Student Representative Coordinating Council, Motivate. Orient. Visualize. Empower (MOVE)*, at Yunit ng Filipino sa pagdiriwang ng De La Salle Santiago Zobel-BRafeNHS ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024 na may temang "Filipino: Wikang Mapagpalaya" sa pamamagitan ng pagbibigay-buhay sa kasaysayan at kahalagahan ng wikang pambansa noong ika-29 ng Agosto 2024 sa Sports Pavilion.

Nagsagawa ng mga kompetisyon ang mga organisasyon kung saan sinukat ang husay at talento ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga larangan. Nagtagisan ng angas sa BaRapTasan ang mga mag-aaral mula sa baitang 11 at 12, galing sa pag-arte ang baitang 9 at 10 sa Mimesis, at pagkamalikhain sa Masining na Pagkukuwento sa baitang 7 at 8. Nagkaroon din ng mga kompetisyong bukas sa lahat ng antas gaya ng LaraJuander, Patimpalak sa Palatuldikan, Bayani ng Lahi, at Banda Piyesta.

Itinanghal na kampeon ang 12P sa BaRapTasan na sinundan ng ikalawang karangalan ng 12O at ikatlo ang 11Q. Sinundan ito ng Mimesis kung saan kampeon ang 10L, ikalawang karangalan ang 9N, at ikatlong karangalan ang 9M. Para naman sa Masining na Pagkukuwento, nagkamit ng karangalan bilang kampeon si Miles Maguila (8L), ikalawang karangalan naman si Jacob Oprecio (7L), at ikatlong karangalan si Marzenry Mallorca ng (7N). Sa LaraJuander, muling nasungkit ni Reanne Jayne Cayabyab (12O) ang pagiging kampeon na sinundan ng ikalawang karangalan ni Paula Garcia (11Q), at ikatlong karangalan ni Samantha Lanson ng (7N). Para naman sa Bayani ng Lahi, dineklarang panalo ang Batch 2027, na sinundan ng ikalawang karangalan ng Batch 2026, at ikatlong karangalan ng Batch 2029.

Hindi nagpahuli sa pagrampa ang kaguruan at kawani ng paaralan sa kanilang kasuotan bilang mga tanyag na karakter sa mga panitikang Filipino. Nag-uwi ng pagkilalang "Natatanging Kasuotan mula sa Panitikan, Pelikula at Teleseryeng Pilipino" si Gng. Shelica T. Iniwan sa kanyang kasuotan bilang Valentina. Handog din ng ilang mga guro at administrador ang maikling awitin ng mga kantang OPM na nagbigay-aliw sa mga manonood ng bulwagan.

Cont'd DLSZ, wagi sa Inter La Salle!

ISINULAT NI FRANCHEZKA HUELGAS

Hindi rin nawala ang mga larong Pinoy tulad ng hilahang lubid, batuhan bola, at patintero.

Nagkamit ng unang karangalan ang De La Salle Medical Health Institute at hinirang namang kampeon sa taong ito ay ang De La Salle University.

Kabilang sa mga lumahok sa nasabing pagtitipon ay ang De La Salle-College of Saint Benilde, De La Salle Lipa, De La Salle University, De La Salle University-Dasmariñas, La Salle College Antipolo, at La Salle Green Hills. "Bukod sa pagpapaalala sa mga Lasalyano na maging aktibo sa pisikal na aspekto, mahalaga ring pagkakataon [ang ILES] upang lalong makilala ang iyong mga kasamahan gayundin ang mga katrabaho mula sa ibang kampus," saad ni G. Kenneth Jhob Lasala, guro mula sa DLSZ-BRafeNHS.

MULA KINA: CHERRY BATAYOLA, KIMBERLY AMIADO
Ang mga kawani ng iba't ibang paaralang De La Salle ay nagtipon-tipon upang lumahok sa mga aktibidad para sa Inter La Salle Sportsfest.



KUHA NI: KEANNA ORTIZ

Ibinida ni Clark Bernas ang *spoken word poetry* na pinamagatang "Bionote ni Juan Dela Cruz" na tumalakay ng mga suliraning kinakaharap ng isang tipikal na Pilipino.

Diwa ng Lasalyanong Pamumuno, muling naramdaman sa komunidad ng BrafeNHS!

ISINULAT NI PRINCESS JANE B. HERMOSA

Isinulong ng komunidad ng De La Salle Santiago Zobel-Br. Rafael Donato Night High School (DLSZ-BRafeNHS) ang kauna-unahang Araw ng Lasalyanong Pamumuno noong ika-29 ng Agosto 2024 sa pamamagitan ng iba't ibang proyektong nagsusulong ng pagiging isang Lasalyanong lider.

Pinangunahan ng pamunuan ng bawat klase sa baitang 7 hanggang 12 ang programang tumalakay sa kahalagahan ng Lasallian Core Values (LCV), LCV indicators, Lasallian Guiding Principles (LGP) at Lasallian Leader in Me (LLIM) Habits sa buhay ng isang Lasalyanong lider. Sa unang bahagi ay may kaniya-kaniyang paraan ng pagpapadaloy ng programa ang bawat klase. Kabilang na rito ang pagkakaroon ng malilikhaing disenyo sa loob ng silid, pagsasagawa ng palarong Pinoy, at pagtatanghal gaya ng pagkanta o pagsayaw, at marami pang iba. Nagbigay naman ng maikling talumpati ang imbitadong magulang at alumni hinggil sa kanilang mga ideya at karanasan sa iba't ibang LLIM Habits.

Naghanda ng pampinid na palatuntunan ang DLSZ-BRafeNHS Student Representative Coordinating Council (SRCC) sa ampitheater kung saan nagkaroon ng pagtatanghal ng spoken poetry si Clark Bernas, DLSZ-BRafeNHS SRCC ng pagtatanghal ng *spoken poetry* si Clark Bernas, DLSZ-BRafeNHS Student Representative Coordinating Council (SRCC) Vice President-External na pinamagatang "Bionote ni Juan Dela Cruz". Tinalakay niya ang ilang mga suliraning kinahaharap ng isang tipikal na Pilipino sa ating bansa. Sinundan ito ng mala-*Cherry on Top* na pagtatanghal ng BINI *medley* na hatid ng Kpop Dance Club sa paglalagom ng programa. "*It's definitely a good step in a good direction. feel like that is one of [the] strengths of DLSZ: they instill lifelong values* sa mga *student through LCV, LCVi/LAI, and LLIM habits* na hindi mo makikita sa ibang *school. I just hope* na sana maging *yearly tradition siya like VM Week* at *Arts Fest especially* dito sa BRafeNHS," saad ni Keith Bernas, DLSZ-BRafeNHS SRCC Executive Secretary.

KUHA NI: KEANNA ORTIZ

Kumikinang sa aral na pagtatanghal ang hinandog ng Tanghalang Lasalyano sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

TaLa, inungkat ang kasaysayan, kalayaan ng wikang Filipino

ISINULAT NI PRINCESS JANE B. HERMOSA

Pinag-alab ng Tanghalang Lasalyano (TaLa) ang Sports Pavilion noong ika-29 ng Agosto 2024 sa kanilang pagtatanghal ng dulang tumutugon sa tema ng Buwan ng Wika 2024 na "Filipino: Wikang Mapagpalaya".

Ang dula ay umikot sa kasaysayan ng wikang Filipino kung saan tinalakay ang iba't ibang isyung kinakaharap nito sa mga nagdaang taon. Tampok dito ang mga pinagdaanang mga paghihirap at sakripisyo upang maipaglaban ang kalayaan ng wikang pambansa.

Sa pamumuno ni Bb. Djouana Manjares, TaLa Club Moderator, panulat nina Carl Cacho at Clark Bernas, at direksiyon ng huli, nabigyang-representasyon ang mga pangyayari sa kasaysayan ng wika mula sa panahon ng kolonisasyon ng Kastila, Amerikano, Hapon, at hanggang sa patuloy na pagkagapos nito sa tanikala ng kasalukuyan.

Inilahad ng TaLa ang mga isyu tulad ng pang-aalipin sa taumbayan (Kastila), pagtatag at pagpapatibay ng wikang Ingles sa bansa (Amerikano), pag-aalipusta sa mga *comfort woman* (Hapon), at pang-aabuso, pagpapasara, at pananakot ng midya at pahayagan (Martial Law).

Binigyang-hustisya ng mga aktor at ak-tres ng TaLa ang mga sakripisyo ng mga Pilipino upang maisulong ang kalayaan ng parehong wika at bansa. Ang buong pagtatanghal ay humakot ng iba't ibang emosyon sa mga manonood at sari-saring opinyon hinggil sa patuloy na pagkagapos ng wika sa tanikala ng kasalukuyan.

"Sa sobrang daming nangyari at naging paggalaw sa ating bansa, naapektuhan noon ang wika. Na-realize ko na kaya pala ganito ang wika ng ating bansa, dahil sa kasaysayan rin natin. Maraming nag-aakala na malaya na ang wika natin pero sa totoo lang, patuloy pa rin itong nakagapos," ani ni Roanne Joyce Flordeliza mula sa 12O.

BALITANG XPRESS

KUHA NI: REANNE CAYABYAB

Atleta ng DLSZ ay sumubaybay sa dinaos na Pep Rally 2024.

Lasalyanong atleta, kinilala sa Pep Rally 2024

ISINULAT NI FRANCHEZKA HUELGAS

Taas-noong nagmartsa ang mga atleta ng DLSZ sa ginanap na Pep Rally 2024 sa Sports Pavilion ng paaralan noong ika-9 ng Oktubre 2024 upang kilalanin ang mga atletang sasalang sa mga lokal at internasyonal na kompetisyon.

Sa papalapit na panahon ng mga kompetisyong pampalakasan gaya ng University Athletic Association of the Philippines (UAAP), idinaraos ang taunang programang Pep Rally upang pahalagahan ang mga atleta at bigyang-motibasyon sa kanilang pakikipaglaban sa kanilang laro.

Dinaluhan ang nasabing programa ng mga Lasalyanong atleta mula sa iba't ibang larangan tulad ng basketball, volleyball, table tennis, lawn tennis, baseball, softball, badminton, chess, fencing, judo, taekwondo, at track and field.

BRafeNHS, nag-alay ng pasasalamat sa ika-86 kaarawan ni Br. Rafe

BALITANG EXPRESS

ISINULAT NI ZAIRA JANE NANKIL

Mataimtim na nagtipon ang komunidad ng BRafeNHS upang gunitain ang ika-86 na kaarawan ni Br. Rafael Donato at ika-16 taong pagkabuo ng scholarship program ng De La Salle Zobel na kilala ngayon bilang Br. Rafael Donato Night High School noong Oktubre 12, 2024, sa De La Salle Lipa, Batangas.

Ang pagsasamang ito na nilahukan ng mga Lasalyanong guro, *parents association,* at mga mag-aaral na naglaan ng oras upang magsagawa ng isang *prayer service* sa libingan ni Br. Rafe kung saan ang bawat isa ay nag-alay ng bulaklak at panalangin.

Isa lamang ito sa mga aktibidad na naganap sa isang linggong selebrasyon ng kaniyang kaarawan bilang paggunita sa mga pamanang kaniyang iniwan at pagpapaalala na ipalaganap ang kabutihan sa ibang tao bilang mga Lasalyano.

KUHA NI: RISHONA BAITA

Nagpamalas ng kanilang talino sa larangan ng agham ang mga piling estudyante sa patimpalak na Science Quiz Bee para sa pagdiriwang ng National Science and Technology Week.

BRAFENHS, NAGTAGISAN NG TALINO SA NSTW QUIZ BEE

ISINULAT NI FRANCHEZKA HUELGAS

Nagtagisan ng talino sa larangan ng agham ang mga piling mag-aaral ng bawat antas sa patimpalak na Quiz Bee sa pagdiriwang ng National Science and Technology Week (NSTW) na may temang "*Science, Technology, and Innovation: Allies Towards a Stable, Creative, and Secure Future*" na ginanap noong ika-20 ng Setyembre 2024, sa Sports Pavilion ng paaralan.

Ang patimpalak na ito ang nagsilbing *highlight* ng selebrasyon kung saan ipinamalas ng mga mag-aaral ang kanilang husay sa mga paksang Earth Science, Biology, Chemistry, Physics, at Environmental Science sa *preliminary* at *final rounds.*

Hinati sa walong grupo ang mga mag-aaral na binubuo ng isang kinatawan sa bawat antas at ang bawat grupo ay sinasagisag ang bawat letra sa BRafeNHS. Naging mainit ang labanan noong huling *round* kung saan 40 at 50 puntos ang katumbas ng bawat tamang sagot.

Nagwagi ng unang karangalan ang pangkat F na binubuo nina Jahzara Renee (7N), Miles Maguila (8M), Hope Esteban (9M), Wyanet Yohance Alzate (10L), Erwin John Fruelda (11P), at Sheena Loraine Barberan (12P).

"*To be honest* po, *we were so shocked that we won since* sa *whole quiz bee po, even though we were hoping to win, we weren't focused solely on that, instead we just enjoyed the moment*,"

pahayag ni Maguila kaugnay ng kanilang pagkapanalo ng unang pwesto.

Nagkamit naman ng ikalawang karangalan ang pangkat S at nag-uwi ng ikatlong karangalan ang pangkat B.

Nakapagbibigay-inspirasyong mga bidyo naman ang hatid ng mga BRafeNHS Alumni na ngayon ay nagtatrabaho na sa iba't ibang larangan ng agham sa tampok na bahagi ng programang pinamagatang "A Day in a Life".

Nagtayo rin ng *Science Exhibit* ang Yunit ng Agham kung saan itinanghal ang mga natatanging likhang gawain sa pagganap ng mga mag-aaral ng bawat antas, at mga proyektong may kinalaman sa pagpapayaman ng kaalaman ng komunidad sa larangan ng agham.

I-SCAN PARA SA IBA PANG BALITA!

EDITORYAL

ISANG KAIBIGAN O ISANG LIDER NA 'DI DAPAT TULARAN?

ITULOY SA PAHINA 06

LATHALAIN

TITSER NA, SUPER PA!

ITULOY SA PAHINA 12

AGHAM

PAGSASANIB-PUWERSA NG AI AT ROBOTICS, PAANO BINABAGO ANG MUNDO?

ITULOY SA PAHINA 16

ISPORTS

DLSZ JUNIOR LADY ARCHERS, SINELYUHAN ANG FIL-CANADA...

ITULOY SA PAHINA 18

SA LETRANG O! OVERPRICED NA BILIHIN, PAGKAKASYAHIN SA SESENTA'T KUWATRONG LAANG-GUGULIN?

ISINULAT NI
KIEL ANDREA ROSITA

Sa panahon kung saan patuloy na tumataas ang bilihin, kaya bang pagkasyahin ang Php 64 na badyet na inilaan ng National Economic and Development Authority (NEDA) para sa pangkain ng isang indibiduwal kada araw? Kung tutuusin, hindi makatotohanan at hindi sasapat ang kakarampot na badyet na ito upang mairaos ang pagkain sa isang araw. Samakatuwid, inaasahan ang NEDA na muling suriin ang *food threshold* at iayon ito sa kita ng mga ordinaryong mamamayan upang matugunan ang pangunahing pangangailangan sa kabila ng pagtaas ng pamumuhay sa ating bansa.

Noong Agosto 13, 2024, inilahad ng Kalihim ng NEDA na si Arsenio Balisacan, sa *budget briefing* sa senado na ang mga indibiduwal na gumagastos ng Php 64.00 para sa isang araw na pagkain ay hindi itinuturing na *"food poor"* sa panahon ngayon. Ito ay iniayon nila sa *food threshold* na nagsilbing batayan sa *minimum income* o kita ng pamilya upang hindi magutom.

Ang buwanang *food threshold* na kanilang inilabas noong nakaraang taon ay nakabatay sa pamilyang may limang miyembro na nagkakahalaga ng Php 9,581.00 o Php 64.00 kada isang tao sa isang araw.

Ang pahayag na ito ay pinagtitibay ng Social Reform and Poverty Alleviation Act o RA 8425, kung saan isinasaad na ang isang indibiduwal o pamilya ay itinuturing na mahirap kung ang kanilang kabuoang kita ay mas mababa sa *poverty line* na itinalaga ng gobyerno.

Ang isang regular na pagkain mula sa *fast-food chain* sa Metro Manila ay nagkakahalaga na agad ng Php 80.00 hanggang Php 150.00. Samantala, ang mga karinderya ay nakapagbibigay naman ng mas abot-kayang pagkain na naglalaro sa Php 40.00 hanggang Php 70.00. Sumasalungat ang hanay ng presyo na ito sa pahayag ng NEDA na kinakailangan lamang ng isang indibiduwal ng Php 21.00 kada kain.

Kaya naman, kung may mabibili sa Php 64.00, hindi nito masusutentuhan ang nutrisyong kinakailangan para sa isang pagkain kada araw. Bukod pa rito, ang implasyon sa Pilipinas ay hindi biro ang pagtaas. Kakabit ng implasyon, ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin na nagpapahirap sa pang-araw-araw na buhay.

DIBUHO NI:
ALEJANDRO BARGO

Kung ang badyet na ito ay hindi sasapat sa mga ordinaryong mamamayan, paano na lamang pagkakasyahin ng mga mag-aaral ang Php 64.00 na manggagaling sa bulsa ng kanilang mga magulang? Para sa isang mag-aaral na hinahati ang baon sa pamasahe at pagkain, talaga namang hindi nito masususstentuhan ang pang-araw-araw na pangangailangan. Ayon sa mga panggabing iskolar, ang Php 64.00 ay hindi na kakasya sa isang kainan pa lamang, paano na kung hahatiin pa ito sa tatlo?

Pinabulaanan din ng mga *vendors* at *consumers* ang pahayag ng NEDA na hindi maaaring maituring na *"food poor"* ang pagkakaroon ng 21.00 na badyet sa kada kain ng isang tao. Boses ng *consumers*, marapat lamang na taasan ang sahod upang maabot ang ninanais ipatupad ng NEDA.

Ang pagtatasa ng NEDA sa *food threshold* ng bansa ay nagpapakita na ang kasalukuyang administrasyon ay walang kaalam--alam sa reyalidad na kinakaharap ng mga Pilipino pagdating sa pagkain at gastusin. Kaya naman nais ng mga mamamayan na muling suriin ng NEDA ang *food threshold* ng ating bansa bago humantong sa kongklusyon na ang halagang Php 64.00 ay hindi maituturing na *"food poor"* at sasapat sa tatlong beses na pagkain sa isang araw.

Sa letrang O! 64! Bingo ka na, NEDA!

Isang kaibigan o isang lider na ‘di dapat TULARAN?

ISINULAT NI ZAIRA JANE NANKIL

Mainit na usap-usapan ngayon ng maraming Pilipino at maging sa kongreso ang ngalan ng kasalukuyang Bise Presidente Sara Duterte—hindi lamang kasi siya ang nagpasimuno ng *hit* na *hit* na mga “Shimenet memes” na ginawang katatawanan sa *social media*, subalit tila ba siya ay nagbabalik upang gumawa ng ingay matapos mawala nang parang bula sa kasagsagan ng pananalasa ng Bagyong Carina, habang siya ay nagsasaya at walang pinoproblema sa Germany kasama ang pamilya.

Aniya, *“The trip to Germany was long planned and booked”*, pero sa ganitong mga kalagayan, ano nga ba ang dapat unang isinasakatuparan; tungkulin sa bayan o personal na kagustuhan? Ang sunod-sunod na palya at hindi kapuri-puring kilos ng bise presidente ang malinaw na patunay na isa siyang lider na hindi dapat tularan. Ito na ang tamang oras para magbalik-tanaw sa mga iniluluklok natin sa pwesto at matuto sa mga desisyon na tayo ang may responsibilidad.

Sa kaniyang muling pagbabalik, kinuha ng bise presidente ang atensyon ng karamihan sa mga nagdaang *hearing* ng Senado patungkol sa deliberasyon ng *proposed budget* ng Office of the Vice President (OVP) para sa taong 2025. Ayon sa House of Committee of Appropriations, ang OVP ay umaasa na magkaroon ng 2.037 bilyong pisong badyet na walang kaakibat na *confidential funds*; ito ay ang unang pagkakataon kung tutuusin.

Mas mataas ito ng 8.05% kumpara sa kasalukuyang inilaan na 1.885 bilyong piso. Sa ilalim nito ang 10 milyong pisong pondo para sa kaniyang libro na pinamagatang “Isang Kaibigan” na siya mismo ang may-akda. Dahil isa nga itong *budget hearing* at marapat na sagutin ng bise presidente ang mga katanungan bilang *resource person*, nang simulan siyang tanungin ni Sen. Risa Hontiveros tungkol sa nilalaman ng kaniyang libro, sa halip na direktang sagutin ang katanungan ay inakusahan si Hontiveros ng pamumulitika nito sa libro na hindi naman nagustuhan ng naturang senador.

Maliban sa naging asal ng bise, sumiklab din ang kontrobersiya sa kaniyang librong “Isang Kaibigan” na kumukwestiyon sa kalidad at kredibilidad nito sa disenyo at gramatikal na aspekto. Pinuna ni Kabataan Partylist Rep. Raoul Manuel sa isa sa mga *hearing* kasama ang komite ng House of Representatives ang mga napansin nitong mali at mga palatandaan na nangangahulugan sa kawalan nito ng masusing pagsusuri bago ilabas.

“‘Yung *word* na ‘sila’, dapat po ‘sina’, tapos ‘yung ‘walang awa’, dapat nga may *hyphen* po ‘yan,” saad ni Manuel. Hindi ito ang inaasahang makita para sa isang dating kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon ngunit marahil, ito ay sobra na para hingiin sa isang tao na walang sapat na kamalayan sa kasalukuyang kalagayan ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

Sa mga sumunod pang *budget hearing*, hindi nagpaawat ang bise presidente na paikutin ang kamara sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga katanungan at hindi kaaya-ayang kilos na ipinakita nito bagama’t paulit-ulit na pinaalalahanan ng *committee chair* na maging magalang. Isa sa halimbawa nito ay nang usisain ni Alliance of Concerned Teachers, Rep. France Castro, ang mabilis na paggamit ng 125 milyong pisong *confidential* at *intelligent funds* sa loob lamang ng 11 araw noong Disyembre, taong 2022, at ang 73 milyong pisong Notice of Disallowance ng Commission on Audit kaugnay ng hinihinging badyet ng OVP. Ang lahat ng katanungang alinsunod sa paksang ito ay hindi nabigyang-linaw sa patuloy na pag-iwas at pag-uugali ng bise sa harap ng mga mambabatas. Dahil dito, hindi maiiwasang tanungin, wala bang karapatang malaman ng mamamayang Pilipino ang katotohanan sa paggamit ng perang mula naman sa kaban ng bayan?

Mukhang hindi pa rito natatapos ang usapin tungkol sa bise dahil sa mga kumakalat na balitang paghimok ng dating Pangulong Rodrigo Duterte sa anak na si Sara Duterte na kaniyang maging bise presidente sa darating na 2028 eleksiyon. Ito ay matapos ang pahayag kamakailan lang ng dating Presidential Legal Counsel Salvador Panelo na isa sa mga nagtutulak sa Duterte-Duterte *tandem* na tumakbo sa susunod na eleksyon.

Tila ba isang paraan ng paghihiganti para sa lahat ng “umapi” sa kanila. “‘Pag Duterte-Duterte, sigurado ‘yan, babalik sa inyo lahat ng bumaliktad sa inyo kasi napakalakas ninyo,” pahayag ni Panelo sa isang *press conference* sa Quezon City. Kung ang suhestiyon na ito ay maisasakatuparan, nararapat na imulat na natin ang diwa sa pagboto nang tama at huwag maging padalos-dalos sa pagbibigay ng suporta dahil kailanman, ang isang mabuting pinuno ay hindi inaabuso ang kapangyarihan para gumanti.

Kaya naman, nararapat lang para sa kongreso na magdalawang-isip sa pamamahagi ng badyet para sa bise at manaig ang panawagan ng sambayanan na #ZeroBudgetforOVP. Sapat na ang sunod-sunod na aberyang idinulot niya bilang patunay na isa siyang lider na hindi dapat tularan. Dahil ang isang kaibigan, hindi makasarili, marespeto, at natututong makinig—ito ang mga katangiang malinaw na hindi sumasalamin kay Bise Presidente Sara Duterte. Panahon na para matutuhan ng mga mamamayang Pilipino ang maging mapanuri, sa kahit ano mang eleksiyon, at maging malay sa pangangailangan na magluklok ng mas karapat-dapat, totoo, marangal, at mahusay na mga pinuno at huwag pumili ng mga ilusyonadang “lider” na nakatuon lamang sa pagpapabuti ng kaniyang sarili at hindi sa kapakanan ng taumbayan.



DIBUHO NI: LAWRENCE EMMANUEL C. CARLOS

SALOT SA MANINGNING NA KINABUKASAN

ISINULAT NI NAOMI GABRIELLE CABO

Patuloy na bumababa ang bilang ng mga mag-aaral na nag-e-*enroll* sa pribado at pampublikong paaralan sa Pilipinas mula taong 2020 hanggang 2023 batay sa datos na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Naging dahilan ito ng pamahalaan na suriin ang kalagayan ng edukasyon ng Pilipinas at magtaguyod ng agarang *remedial measures.*

Ito ay isang malaking problema na nangangailangan ng agarang solusyon. Ilan sa mga dahilan ng pagbaba ng bilang ng mga *enrollees* ay ang pagbaba ng bilang ng mga silid-aralan sa mga rural na lugar, at pinalala pa ng pinsalang epekto ng mga natural na sakuna at kalamidad na nagdulot ng pagkasira sa mga pasilidad ng paaralan. Nagreresulta ito sa kawalan ng mahahalagang oportunidad sa mga mag-aaral tulad ng pagtulong sa pag-angat ng lipunan, personal na paglago, at pag-unlad sa kabuhayan.

Batay sa Philippine Institute for Development Studies (PIDS), ang pag-*drop-out* sa paaralan ay isang seryosong alalahanin. Ang maagang pag-*drop-out* ay nangangahulugang pagkawala ng potensiyal na maging produktibo. Ito ay nagpapataas ng bilang ng mga indibidwal na hindi nakakamit ang kanilang ninanais na trabaho. Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), isa sa sampung indibiduwal na nasa edad anim hanggang dalawampu't apat ay hindi *enrolled* sa kahit anong institusyon kung saan 53% dito ay galing sa mahihirap na pamilya. Nangangahulugan ito ng potensyal na mababang kita sa hinaharap.

Para sa Alliance of Concerned Teachers (ACT-Teachers), kahirapan ang puno't dulo ng krisis na siya ring kinumpirma ng datos ng DepEd. Sa National Capital Region (NCR) lamang tumaas ang bilang ng *enrollment*, habang ang nag-e-*enroll* naman sa Western Visayas ay bumaba sa halos 230,000 na estudyante. Iniulat ng PSA na ang Western Visayas ay nagkaroon ng *poverty incidence* na 13.8% noong 2021 habang ang NCR ay 2.2% lamang.

Bukod sa kakulangan ng mga mapagkukunan upang masuportahan ng mga pamilya ang pag-aaral ng kanilang anak, inaasahan din nila na tumulong ang kanilang mga anak sa pamilya. Ito ay isang matinding dahilan kung bakit ang mga batang ito ay kinakailangan na mapalayo sa paaralan. Hindi maikakaila na ang sitwasyong tulad nito reyalidad na patuloy na hinaharap ng maraming kabataan. Ngunit, dahil sa kakulangan at kahirapan, naiintindihan ng mga batang ito ang pangangailangan na kumayod muna para makatulong sa kanilang pamilya. Gayonman, makakaapekto pa rin ito sa edukasyon at kinabukasan nila. Samakatuwid, talagang nakadudurog ng puso ang pagbaba ng bilang ng mga estudyante ngayong taong panuruan na may malaking koneksyon sa patuloy na paglobo ng kahirapan sa bansa. Hindi talaga ito maiiwasan dahil din sa mga sakunang nagdadala ng pinsala at pagkasira sa mga paaralan. May karapatan ang bawat bata na makapagtamo ng pormal na edukasyon. Kaya naman, marapat lamang na pagbutihin ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas at sikaping makaaabot ito sa lahat.

Sa kabila ng patuloy na pagbaba ng *enrollment* sa mga paaralan sa bansa, hindi mawawala ang pag-asang mabibigyan ng solusyon ang problemang ito at muling magniningning ang kinabukasang naghihintay para sa kabataan.



DIBUHO NI: JOHN KYLE R. BEDIOSAS

ISINULAT NI NAOMI GABRIELLE CABO

Ang MATATAG kurikulum ay inilunsad ni Bise Presidente Sara Duterte noong ika-10 ng Agosto 2023 na may layong mapabuti ang kalidad ng batayang edukasyon sa bansa. Sinimulan ang implementasyon nito sa kasalukuyang taong panuruan 2024-2025 para sa Kindergarten, baitang 1, 4 at 7 bilang mga *"entry level"*. Aamyendahan ang MATATAG kurikulum batay sa *feedback* mula sa mga guro at mag-aaral sa mga kailangang baguhin at paunlarin. Inaasahang makatutulong ang pag-amyenda sa pagpapatibay ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas at sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Kung tuluyang babaguhin ang konstitusyon ng MATATAG, mas matutugunan ang mga pagkukulang ng mga mag-aaral sa mga pambansa at pang-internasyonal na pagsusulit. Makatutulong din ito sa pagtuturo ng mga guro gayong magkakaroon ng mas kaunting kompetensi na magbibigay ng maraming oras para sa mas malalim na pagtuturo at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang programang ito ng *decongested basic education* ay nagbibigay-diin sa mga batayang kasanayan sa pagbasa, pagbilang, at sosyo-emosyonal na pag-unlad sa mga unang taon ng edukasyon ng mga bata. Isinasama rin nito ang mga aralin sa mabuting asal at wastong pag-uugali, edukasyon sa pagpapahalaga at kapayapaan, at ang mga kasanayan sa ika-21 na siglo.

Batay sa Alliance of Concerned Teachers (ACT), kakailanganin ng mga mag-aaral, guro, at magulang na humarap sa mga karagdagang pasanin dahil sa kurikulum ng MATATAG. Sinabi ng grupo na karagdagang trabaho lamang ang maibibigay nito sa mga guro kaysa pagtugon sa mga aktuwal na isyu ng edukasyon. Dagdag pa nila na ang MATATAG ay nagpapahaba lamang ng oras ng mga mag-aaral sa paaralan. "*There are extended class hours for children, which may last until 8 P.M. or later in some schools,*" pahayag ng ACT. "*This gambles with the well-being and safety of our students,*" dagdag pa nila, na nagpapakita ng kanilang pag-aalala sa kaligtasan ng mga mag-aaral.

Sa pagpupulong ng Second Congressional Commission on Education (Edcom 2) sa batayang edukasyon sa Unibersidad ng Pilipinas sa Bonifacio Global City noong Hunyo 11, ipinakita ng DepEd at Philippine Institute of Development Studies ang kanilang pagtatasa sa *pilot implementation* ng MATATAG K-10. Nangangailangan ang MATATAG ng mga gurong may sapat na pagsasanay sa mga asignaturang itituro nila.

May mga hinaing tungkol sa mga gurong Pilipino na itinalaga sa National Mathematics Program (NMP) ng kurikulum. Dalawa ang karagdagang programa rito, ang NMP at National Reading Program (NRP), na dapat isagawa sa loob ng apat na araw, 30 minuto bawat isa.

Para sa unang yugto ng kurikulum, nagkaroon ang DepEd ng halos isang taon mula nang ilunsad ito upang maghanda. Gayonman, inilabas lamang nila ang kautusan na naglalaman ng Implementation Guidelines noong Hulyo 23, ilang araw bago muling magbukas ang mga klase sa humigit-kumulang 47,000 pampublikong paaralan sa bansa. Dahil dito, hindi nagawang suriin at ipatupad ng mga administrador ng paaralan ang mga pagbabago sa *workload* ng pagtuturo dahil sa masikip na iskedyul.

Ayon kay Teachers' Dignity Coalition Chairman, Benjo Basas, nakatanggap din ang kaniyang grupo ng mga reklamo mula sa mga guro ukol sa "magulong" implementasyon ng MATATAG kurikulum. Dagdag pa niya na ang pagpapatupad ng bagong kurikulum ay isang mahabang proseso, lalo na kapag isinasaalang-alang ang workload ng mga guro.

Samakatuwid, talaga ngang napakaraming bagay ang kailangang mabago sa kurikulum na MATATAG. Ang pag-amyenda nito ay makatutulong sa mga guro upang mabawasan ang kanilang mga pagod. Dito rin ay mas mapabubuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa mga asignaturang tila ay patuloy silang nahihirapan. Tulad ng Sipnayan, Agham, at pati na rin sa larangan ng pagbasa at pagsulat. Talagang katanggap-tanggap ang pag-amyenda ng MATATAG dahil nga sa nasabing "magulong" implementasyon nito na nagdulot ng paghihirap para sa mga guro at mag-aaral. Ang pagpapabuti ng kurikulum na ito ay makapagbibigay-kaginhawaan sa aberyang nagbibigay-pagod sa mga guro at mag-aaral dahil sa bigat at dami ng mga aralin at gawaing pampaaralang kailangang maisakatuparan.

DIBUHO NI: ALEJANDRO BARGO

LABANAN NG KARAPATAN

DIBUHO NI: JAQUILOU QUITON

ISINULAT NI KIEL ANDREA ROSITA

Patuloy na sinasalakay at inaangkin ng Tsina ang West Philippine Sea at isa sa mga pinakahuling banta ang lumalalang agresyon ng Chinese Coast Guard (CCG) laban sa Philippine Coast Guard. Sa pagtagal at paglala ng tensiyon na namamagitan sa dalawang bansa, mas nanganganib na ang seguridad nating mga Pilipino sa sarili nating bansa. Nito lamang, inaasahang magpapatupad ang Pilipinas ng mahigpit na hakbang upang maprotektahan ang West Philippine Sea mula sa Tsina.

Hindi bababa sa apat na tauhan ng Philippine Navy ang nasugatan kasunod ng pagpapaputok ng *water cannon* ng CCG sa isang barko ng Pilipinas na sangkot sa isang *resupply mission* noong nakaraang Marso 5, 2024. Ayon sa National Security Council, inatake ng dalawang CCG *vessel* ang mga miyembro ng Navy na sakay ng Unaizah Mae 4 gamit ang kanilang mga water cannon.

Ayon sa ulat ng militar ng Pilipinas noong Hunyo 19, 2024, tinambangan ng CCG ang mga sasakyang pandagat ng Pilipinas na nagresulta sa pagkawala ng daliri ng isang mangingisda. Nagpahayag ang Foreign Ministry ng Tsina na ang aksiyong ito ay "walang direktang hakbang" laban sa mga mangingisdang Pilipino.

Kasunod ng mga pag-atake, iginiit ni Albay Rep. Edcel Lagman na dapat humingi ang gobyerno ng hustisya at reparasyon para sa mga mangingisdang nasugatan dahil sa walang awang pag-atake at pagsalakay ng CCG.

Gayonpaman, para sa Philippine Maritime Council, ang mga aksiyon ng CCG laban sa Philippine Navy at mga mangingisda ay hindi itinuturing na *"armed attack"* at marahil ito ay isa lamang hindi pagkakaintindihan o aksidente.

Pinabulaanan naman ito ni Defense Secretary Gilbert Teodoro sa paghahayag na ang atakeng naganap noong Hunyo 17, ay aksidente lamang o hindi pagkakaunawaan ng dalawang panig. Sa isang *press conference* sa Malacañang, sinabi ni Teodoro na ang pagsira ng CCG sa mga sasakyang pandagat ng Philippine Navy ay malinaw na nilayon para harangin ang *resupply mission* sa mga tropang Pilipino na nakatalaga sa Barko ng Republika ng Pilipinas Sierra Madre sa Ayungin o Second Thomas Shoal.

Ang mga pag-atakeng ito ay hindi lamang isang isyung pangmilitar o pampolitika, ito ay isang pambansang isyu na may malaking epekto sa ating bansa at kinabukasan. Bilang isang mag-aaral na hindi man direktang naiimpluwensiyahan ang desisyong pampulitika ng Pilipinas, mayroon pa rin tayong magagawa sa gitna ng alitang ito. Ang pinakamabisang hakbang na maaaring gawin ay ang pagpapaangat ng kamalayan sa naturang isyu. Gamit ang iba't ibang ibang mga *platform* tulad ng Facebook, Twitter, at Instagram, maaari tayong makapagbigay-kamalayan tungkol sa ating kinakaharap na sitwasyon. Sa pamamagitan ng hakbang na ito, makatutulong ang kabataan na magbigay-boses at opinyon sa mga napapanahong problema sa ating bansa. Sa kabilang banda, bilang paghahanda sa anomang panganib na kinakaharap ng ating bansa, nararapat na magsagawa ng pakikipag-alyansa ang Pilipinas sa ibang bansa upang protektahan ang West Philippine Sea.

LUNTIANG BINHI
GUMAGAPAS SA PAGBASA, UMAANI SA PAGSULAT
ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG DE LA SALLE SANTIAGO ZOBEL-BRAFENHS

LUPON NG PATNUGOT

GURONG TAGAPAYO
BB. TRACYLYN CADANGIN

PUNONG PATNUGOT
ZAIRA JANE NANKIL

TAGAPAMAHALANG PATNUGOT
CHIRZTHEEN JOY JOBLE

NAKATATAAS NA PATNUGOT
FRANCHEZKA HUELGAS

KAWAKSING PATNUGOT (FILIPINO)
ASHLEY NICOLE HISANAN

KAWAKSING PATNUGOT (INGLES)
CYRINE KAYE DE ALDAY

PATNUGOT SA PANANALIKSIK
ALICIA CASSANDRA PURA

PATNUGOT SA EDITORYAL
KIEL ANDREA ROSITA

PATNUGOT SA BALITA
PRINCESS JANE HERMOSA

PATNUGOT SA LATHALAIN
DARREN LONGCOP

PATNUGOT SA AGHAM
XYLENE JOYCE MARIANO

PATNUGOT SA ISPORTS
BIANCA ISABELA VIADO

PATNUGOT SA PANITIKAN
JAMIA YVONNE RODRIGUEZ

PUNONG DIBUHISTA
LAWRENCE EMMANUEL CARLOS

PUNONG RETRATISTA
KEANNA MARIE ORTIZ

PUNONG TAGAANYO
FRANCIA SESE
NICOLE AUDREI RILLES

TAGAPAMAHALANG PANGMIDYA
ALEJANDRO BARGO

PUNONG BRODKASTER
PATRICIA MAE MAGUILA

BALITA
HERMIONE LOIS MATURAN

RETRATISTA
JORI ALORO
ANTONIO ANGORING
RISHONA HILARY BAITA
REANNE JAYNE CAYABYAB

ISPORTS
TIMOTHY ETHAN GABAGAT

BRODKASTER
JUDE ELIBUEN ABETRIA
YANCE ZAVIERY CARCALLAS
CZYLAH TRISKEL CAPULONG
CRISTINE JOY COLAS
VICTORIA FAITH DECENA
RIHANNA GWEN HIPOL
MILES MAGUILA
LARA DANIELLE MAMARIL
VON JACOB OPRECIO
ALTHEA RIVAD
CRISVIER ROMANO

EDITORYAL
NAOMI GABRIELLE CABO

DIBUHISTA
JOHN KYLE BEDIOSAS
JAQUILOU QUITON

PANITIKAN
MACKAE RYO ABAS
ANGELA BANDRANG
LIANE ASHLEY GUEVARA

LATHALAIN
CHLOE KIRSTEN BALEA
MARK ERIC DELA CRUZ

PROYEKTO ASPILE:

Ito ay nakatuon sa paglalarawan sa mga Lasalyano gamit ang 'aspile' o sa Ingles, ay pin. Nakaukit dito ang ilustrasyon ng mga katangian at simbolo ng identidad ng mga panggabing iskolar. Sa ID at aspileng ito matatagpuan ang diwa at koneksyon ng mga katangian bilang pagkakakilanlan ng Lasalyanong komunidad.



TATAK LASALYANO

Narito ang mga pagpapakahulugan sa bawat aspile:

DEDIKADO

Masigasig na ginagampanan ang responsibilidad habang tinitiyak ang maayos na kalidad ng pagkilos. Ito ang pangunahing katangian na nagdadala patungong tagumpay.

DISIPLINADO

Maingat na sinusuri ang bawat kilos, tinitiyak ang pagsunod sa mga alituntunin at pamantayan. Ito ang nagbibigay-daan sa kaayusan at kahusayan.

TIWALA

Ang pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili ay hindi lamang nakaiimpluwensya sa sarili bagkus, nagiging inspirasyon ito sa ibang hindi pa nakikita ang kanilang sariling halaga. Isa itong sandata upang maipagmalaki ang sarili sa iba.

RESPONSABLE

Kakayahang panagutan ang mga aksyon at desisyon, handang tumugon, at maaasahan sa anomang sitwasyon. Ito ay nagbabago sa ating perspektibo at kilos para matanggap natin ang ating mga desisyon, kanais-nais man o hindi ang resulta.

INTEGRIDAD

Pagpapairal ng kahusayan at katotohanan sa mga isinasagawang kilos. Matitiyak na mapagkakatiwalaan at maaasahan sa anomang sitwasyon.

MATULUNGIN

Ang isang Lasalyano ay laging nakikita na nakaagapay sa kung sino man ang nahihirapan. Tinitiyak nilang ang tulong nila sa kapwa ay tatatak kahit walang hinihinging kapalit.

MASIGASIG

Pagnanais sa tagumpay at patuloy na nagsusumikap para sa mas mataas na ambisiyon at hangarin. Ito ang puwersang nagtutulak sa ating maghangad nang higit para sa atin at sa ating kapuwa.

MAUSISA

Patuloy na naghahanap ng mga bagong kaalaman at karanasan, nagtatanong at nagsisiyasat para mas maintindihan ang mundo. Ito ang nagtutulak sa pagtuklas at pag-unlad.

PROAKTIBO

Tumutukoy sa kakayahang magdesisyon at kumilos nang akma sa kabila ng mga hamon o balakid. Siya ang may kontrol sa sitwasyon at may kakayahang ihanda ang sarili sa lahat ng posibilidad.

MAIMPLUWENSYA

Sa halip na gumamit ng awtoridad upang magawa ang mga bagay, sila ay positibong nakaiimpluwensya sa iba. May magandang epekto ang kanilang mga kilos para pakilusin din ang iba.

MAY MOTIBASYON

Kahit anong hirap o bigat ang isang gawain, may motibasyon silang gawin ito dahil alam nila sa kanilang sarili na kayang-kaya nilang gawin ang isang bagay. Kahit limitado ang kanilang kakayahan, hindi ito hadlang para hindi tapusin ang isang gawain.

TITSER NA, SUPER PA!

ISINULAT NI CHLOE KIRSTEN BALEA

Mahigit-kumulang anim sa isang araw, tatlumpu sa isang linggo, isang daan at dalawampu sa isang buwan, at isang libo't walumpu sa siyam na buwan ang mga klaseng ating pinagdaraanan sa isang taong panuruan. Nangangahulugan lamang ito na ganiyan karaming araw at oras din natin nakakasama ang mga guro sa ating paaralan. Kalakip ng oras na kanilang nilalaan sa mga mag-aaral, ang walang sawang pag-unawa at pagpupursigi na bigyan tayo ng kalidad na edukasyon.

Dahil dito, hindi maipagka-kaila ang pagka-karoon ng mga mag-aaral ng kani-kanilang mga paboritong guro. Kaya naman, nagsagawa ng sarbey ang Luntiang Binhi, upang malaman kung sino ang paboritong titser ng mga mag-aaral sa De La Salle Santiago Zobel - Br. Rafael Donato Night High School (DLSZ-BRafeNHS).

Ayon sa resulta ng sarbey, ang isa sa pinakapaboritong titser ng DLSZ-BRafeNHS ay si G. Kenneth Jhob Lasala! Sa aming pakikipanayam kay G. Lasala (Ser Jhob kung tawagin ng mga mag aaral), kaniyang inilahad ang nararamdaman nang malaman na siya ang napiling paboritong titser ng mga mag-aaral. "Sa akin kasi ano 'e, *more than* maging masaya sila na titser nila ako, ang pinakagusto ko mangyari *is they learn something* 'pag nagkaklase kami. Sana may natututuhan 'yung mga bata ko sa'kin."

Bata pa lamang si Ser Jhob ay pangarap na niyang magkaroon ng propes-yon na may kaugnayan edukasyon. Sa kabutihang palad, dinala siya ng agos ng buhay sa pagtuturo. Ayon sa kani-yang mga estudyante, si Ser Jhob ay masayahin, maunawain at may natatanging galing sa pagtuturo sa loob ng klase. Sa labas naman ng paaralan, madalas ay makikita siyang gumaga-la kasama ang matatalik na kaibigan at naglalaro *ng online games* para ma-ibsan ang pagod at *stress* sa trabaho. Sa likod ng mga biro at makabulu-hang aral na kaniyang sinasambit, mayroon siyang pagpupursigi na makipagsabayan sa nagbabagong panahon at mag-aaral upang sila ay may mapulot na aral sa araw-araw na pagkikita. Bakas sa kaniyang pagtuturo ang sipag at hangarin na magbigay-kaalaman sa kasiya-siyang pamamaraan.

Sipnayan ang asignaturang itinuturo ni Ser Jhob. Madalas, ito ang asignaturang kinatatakutan ng mga mag-aaral dahil, sa tingin nila, ito'y komplikado, mahirap, at nakaiinip. Ngunit ang *kryptonite* ng maraming mag-aaral ay tila ba inaalis ng supertitser na ito. Ang dating nakaiinip at komplikadong asignatura ay nagiging masaya at madaling intindihin sa mga klase ni Ser Jhob. Tiyak na sa tamang gabay ay may kapangyarihan ang mga guro na baguhin ang pagtingin ng mga mag-aaral sa pag-aaral.

Bagaman minsan ay nakararamdam ng kabiguan kapag sa tingin niya ay hindi naaabot nang lubos ang kaniyang mga hangarin bilang guro, walang panghihinayang si Ser Jhob at masaya siyang pinili niya ang propesiyong ito. Para sa kaniya, isa sa pinakamagandang aspekto ng pagiging isang guro ay ang responsibilidad na pagyamanin at pangalagaan ang kaalaman ng mga susunod na henerasyon. "Sapagkat sa larangang ito, walang hanggan ang pagkatuto, pati sa larangang ito, walang hanggan ang pagkatuto, pati na rin ang kasiyahang dala ng pagtuturo sa iba't ibang mga mag-aaral taon-taon," ani Ser Jhob.

Mayroong mahigit-kumulang dalawang daan at labing pitong araw sa isang taong panuruan. Sa loob nito, mayroong limang libo, dalawang daan, at walong oras na nakakasama natin ang mga guro. Isa lamang si Ser Jhob sa maraming guro na ating katuwang sa pang-araw-araw na pakikipagsapalaran. Hindi natatapos sa pagtuturo ng kani-kanilang mga asignatura ang trabaho ng isang guro. Minsan, sila ay tumatayong mga magulang, kaibigan, at supertitser na palaging nandiyan upang gabayan ang kabataan. Ang mga guro ang humuhubog sa pagkatao ng kanilang mga mag-aaral. Kalakip ng bawat klase ang binibigay nilang saya, inspirasyon, at aral na paniguradong magiging gabay ng mga mag-aaral patungo sa magandang kinabukasan.

SIR JHOB

MULA KINA: CHERRY BATAYOLA, KIMBERLY AMIADO

Si G. Kenneth Jhob Lasala ay nagpakitang-gilas sa larangan ng isports.

Cont'd POLLSUHAN: Epekto ng Heat Index sa mga Panggabing Iskolar

ISINULAT NI DARREN GITO LONGCOP

[...] kung saan nakasentro ang usapin sa pagkokomyut ng mga estudyante papuntang paaralan kada araw.

"Ito ay nakakaperwisyo rin lalo na sa mga kagaya ko na gumagamit ng *public transportation*, lalo pa at siksikan," hinaing ng isa sa mga mag-aaral na lubos na naapektuhan ng mainit na panahon.

Maipapakita rito na halos lahat ng mga mag-aaral ng BRafeNHS na pagkokomyut ang nag-iisang paraan upang makapasok araw-araw. Ang *heat index* ang isa sa mga hindi nakikita pero nadaramang problema na maaaring magbigay-daan sa samo't saring mga sakit. "Ang init ng panahon ay maaaring magdulot ng pisikal na *stress*, *dehydration*, at pagtaas ng panganib sa mga sakit na dulot ng matinding init ng panahon."

"*Tinatanong lang talaga kita Juan, bakit ka nagagalit sa'kin?*"

"*E 'di sorry*"

"*Ay wow?*"

Isa sa mga epekto ng mainit na panahon, lalo na sa mga komyuter, ay ang mabilisang pagbabago ng *mood* na nagreresulta ng iritasyon na humahadlang sa ating kakayahang gawin ang mga sariling tungkulin bilang mga mag-aaral hanggang sa tumutok ang mga kamay ng orasan sa ganap na 8:45 N.G. Ipinapakita ng isinagawang POLLSUHAN na sa usapin ng *heat index*, hindi nawawala ang pakikibaka ng mga panggabing iskolar sa matinding init sa araw-araw. Kaya naman, kahit naligo man sa pawis si Juan, narating niya ang paaralan na kaniyang patutunguhan. Kahit mabilis na mag-init ang ulo ni Juan, kaya niyang sumulong bunsod ng kagustuhang magpatuloy sa buhay.

DIBUHO NI: JAQUILOU QUITON

KUHA NI: KEANNA ORTIZ

Piling mag-aaral ng BRafeNHS ay sumubok ng larong pitik-bulag.

PITIK-BULAG O UNTI-UNTING PAGKABULAG?

ISINULAT NI **MARK ERIC R. DELA CRUZ**

Tayo na at maglaro
Iwanan ating mga elektroniko
Ibalik ang alaalang nakatago.

Ito ang mga salitang namutawi sa aking isipan patungkol sa ginanap na pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa De La Salle Santiago Zobel School - Br. Rafael Donato Night High School sa Sports Pavillion. Ang programa ay pinuno ng mga laro, palabas, at natatanging talento ng bawat Lasalyano.

Sa pagsisimula ng Buwan ng Wika ay binigyang-halaga ang iba't ibang larong 90's. Ilan sa mga ito ay ang piko, pitik-bulag, teks. Binigyang-buhay din ang muling pagbabalik ng mga larong hindi na ganoong nabibigyan ng pansin sanhi ng pagkahumaling natin sa teknolohiya ngayon. Matapos ang programa ay napaisip ako…"Kay sarap palang balikan ang mga larong dati ay araw-araw kong kinagigiliwan at ngayon ay sa mga istorya na lamang madalas napakikinggan."

Pitik-bulag. Isa sa mga larong idinaos kung saan may magpapanggap na "bulag" sa pamamagitan ng pagtakip ng mga mata samantala ang isa naman ang pipitik at kinakailangang hulaan ng "bulag" kung anong daliri ang ipinitik sa kaniya.

"'Yung…hinliliit?"

"Tama! Sumisilip ka 'ata e"

"Hindi a, cross my heart kasama pa bahay namin!"

Halos mamula-mula na ang mga kamay sa bawat pitik mahulaan lamang kung ano ang daliring ginamit, magsasalitan kung sino ang "bulag", tatakpan ang dalawang mata, gigising na *gadget* ang nais na paglaruan buong araw.

Teknolohiya. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit unti-unti nang nalilimutan ng kabataan ang mga larong nagpapaabot sa tainga ng mga ngiti ng bawat manlalaro. Ang mga Pilipino ay nakatutok sa kani-kanilang mga *gadget* at naglalaro sa loob ng walo hanggang sampung oras kada araw, ayon sa Data Reportal noong 2023.

Sa halip na tayo ay lumabas sa bakuran nang hindi inaalintana ang tirik ng araw para lamang makalaro ang ating mga kaibigan, tayo ngayon ay ilang oras nang nakaupo sa madilim na kuwarto na tanging mula sa mga gadget nanggagaling ang ilaw.

Totoo, maganda rin naman ang mga *mobile games*. Ito ay nakalilibang at nakatatanggal ng pagkabagot.

Ngunit marami rin itong masamang dulot sa kabataan tulad na lamang ng unti-unting pagkabulag, pagkalulong, at pagpapabaya sa mahahalagang bagay sa ating buhay at kalusugan.

"*Arat pitik-bulag, ako taya!*" Kay lungkot isipin na ilang taon lamang ang nakalipas ay hindi na madalas marinig ang mga salitang sumisigaw ng katuwaan kasabay ang tumutulong mga pawis at nahuhulog na tuwalya na inilalagay ni Inay sa likod matapos ang halos ilang oras na pagtakbo sa ilalim ng mainit na araw. Uuwi sa dampa na pinapagalitan pagkatapos ay hahainan ng masarap na meryenda sa hapag.

Tayo ay unti-unting nabubulag dahil hindi na natin nakikita ang kahalagahan ng mga larong naging parte ng ating kultura. Mistulang unti-unti nang nabubura sa isipan ng kabataan at maaari nang mawala sa hinaharap sapagkat napalitan na ng teknolohiya.

Sa paglipas ng panahon, iba't ibang laro at teknolohiya ang naiimbento na nahihiligan ng kabataan sa kasalukuyang henerasyon at nagiging pangunahing libangan at pampawala ng pagkabagot.

Siguro nga ay totoo na sa bawat pag-takip ng mga mata, sa bawat paghula ng daliring ipinitik, makikita ang mga larong hindi na maibabalik kung minsan sa isang taong selebrasyon na lamang tinatangkilik.

AGHAM



ARTIPISYAL NA PANGMEDIKAL: SUPORTA O HAMON SA PANINGIN NG MGA ISKOLAR?

ITULOY SA PAHINA 15

ISPORTS

DLSZ TABLE TENNIS TEAM, SINAKMAL ANG KORONA SA ISSA TOURNAMENT

ITULOY SA PAHINA 20

LUNTIANG BINHI
GUMAGAPAS SA PAGBASA, UMAANI SA PAGSULAT
ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGKAMPUS NG DE LA SALLE SANTIAGO ZOBEL-BRAFENHS

DORA: ANG WALANG TIGIL NA PAGTUKLAS SA TAMANG LANDAS

ISINULAT NI DARREN GITO LONGCOP

Siguro naman halos lahat sa atin sa maling lugar tinuturo si Dora ‘pag nagtatanong ng tamang daan ‘di ba?

"Saan ang bahay ni Diego, maaari mo bang ituro?"

"Sa madilim na gubat."

Naging pundasyon ng ating paglaki ang maliliit na piyesa mula sa ating pagabata, halimbawa na lamang ang mga palabas tulad ng *Dora the Explorer*, kung saan binibigyan tayo ng kakayahan na hindi manghila pababa, kung hindi ay gumawa ng desisyon na sa tingin natin ay tama at nakabubuti, hindi man para sa atin mismo kundi para na rin sa iba.

Tulad ni Dora, may mga panahon kung saan kinakailangan nating tumahak ng isang landas na maaaring magdikta ng ating kinabukasan o hinaharap.

May mga pagkakataon sa buhay na haharap tayo sa maraming pintuan o daanan na may iba't ibang kahahantungan, pero kung pagiging praktikal ang pag-uusapan, malamang sa malamang ay tatahakin natin ang isang landas na tayo ay pamilyar na sa simula pa lamang.

Kung tatanungin, maihahambing ba natin ang mga mag-aaral sa baitang 11 sa ilalim ng General Academic Strand (GAS) sa isang *explorer* na may nagsasalitang *backpack* at *map*? Maaaring oo o hindi, kasi kung tutuusin, mayroon tayong kakayahang magdesisyon para sa ating sarili at isa lamang ito—ang pananatili sa De La Salle Santiago Zobel-Br. Rafael Donato Nigh High School (DLSZ-BRafeNHS) sa ilalim ng GAS—sa mga susunod na desisyong kakaharapin. "Kaysa gumastos pa ulit or mag-*take* ng *another exam*, mas madali na nga lang ata talaga [na] mag-*stay under* GAS sa Zobel," ani Christian James Baliat, kasalukuyang mag-aaral sa ilalim ng GAS. Para sa iba, ang paglipat ng paaralan ay isang malaking gastos dahil hindi garantisado na makapapasa sa nais na paaralan, kaya karamihan ay nananatili na lamang bilang isang Lasalyanong iskolar na sumailalim sa GAS dahil limitado lamang ang mga pagpipilian.

Tayo ay inihulma ng ating mga nakasasalumuha simula pagkabata—mula sa kasama sa bahay, sa paaralan, at mga kaibigan—upang magkaroon ng sariling pananaw kung ano nga ba ang talagang tama. Ang mga pananaw na ito ang siyang nagbubunga sa mga desisyong hahantong sa personal na paglago, oportunidad, at tagumpay. Ngunit, kinakailangang tandaan na sa buhay, hindi lahat ng desisyon ay magtatapos sa mga magagandang bagay. Dito pumapasok ang mga hamon na naglalayong palalimin ang ating kaalaman kung paano nga ba magpatuloy habang bata, mag-aaral, at iskolar pa lamang.

Sa pananatili sa mundong nakasanayan na, binibigyan tayo nito ng kumpiyansa sa sarili na lalong palawakin ang mga bagay na alam nating mapalalawak pa, katuwang ang mga kaibigang nagsilbi na ring kapamilya at ang hirap na sila’y iwanan dahil kakambal ng paglisan ang pangungulila’t lungkot na ilan sa mga dahilan kung bakit nanatili ang ngayo’y mga mag-aaral sa GAS ng DLSZ-BRafeNHS.

"Isang *factor* dito 'yung pagsisimula ko sa Zobel sa pandemya kaya 'di ko lubos naranasan ang pagiging Lasalyano kaya 'di ko kayang umalis nang wala ‘yun," tugon ni Jamia Yvonne Rodriguez, kasalukuyang mag-aaral ng GAS.

Minsan napapaisip na lang tayo dati, “Bakit kailangan pa tayong tanungin ni Dora kung saan ang tamang daan, e ang *obvious* naman?” Hanggang sa tayo naman ang nasa kalagayan ng isang *explorer*, lumilingon at nagdadalawang-isip kung tama ba ang desisyong tinatahak. Hindi dapat mapako sa kaisipan na ikaw ay napag-iiwanan dahil lang sa hindi nakuha ang nais na daang dapat na tinanak, dahil kahit gaano kakaiba ang mga daang pagpipilian, pipiliin natin ang kinabukasang alam nating hindi natin kailangang paghirapan nang lubusan. Hangga’t may kakayahan tayong ihulma ang ating sariling hinaharap, kahit anong daan pa ang iyong tahakin, kasama man ang iyong nakasanang pamilya’t kaibigan o hindi, tandaan lamang na walang maling daan sa taong kayang lampasan ang bawat aberyang madadaanan.

DIBUHO NI: LAWRENCE EMMANUEL C. CARLOS

MULA SA: RAPPLER

Chief Technology Officer na si Christer Cruz ay pinapaliwanag ang pagtukoy ng Smart AI sa pattern na nagpapahiwatig ng sakit sa baga.

ARTIPISYAL NA PANGMEDIKAL: SUPORTA O HAMON SA PANINGIN NG MGA ISKOLAR?

ISINULAT NI CYRINE KAYE DE ALDAY

Sa patuloy na paglawak at pag-unlad ng makabagong teknolohiya sa iba't ibang panig ng mundo, handa na nga ba tayong bigyang-papel ang *artificial intelligence* (AI) bilang isang instrumentong pangmedisina? Kapansin-pansin ang malawak at malalim na ambag nito sa pangangalagang pangkalusugan at medikal ng mga tao. Isa ang AI sa mga makabagong kasangkapan na nagbibigay ng komprehensibo at epektibong pamamaraan upang solusyonan ang mga hamong hinaharap sa larangan ng medisina. Bagaman madalas maging kontrobersyal ang pagsulong ng AI sa aspekto ng kalusugan, malaki ang potensiyal na maidudulot nito sa pagtataguyod ng isang mabilis, de-kalidad, at madaling maakses na sistema ng pangangalaga na nagbibigay ng matinding ginhawa sa karamihan, partikular sa mga panggabing iskolar.

Sa loob ng maraming taon, patuloy na binibigyang-halaga ang paggamit ng AI sa pangangalagang pangkalusugan. Ayon sa pag-aaral nina Varnosfaderani & Forouzanfar (2024), ang hindi mapantayang kaalaman ng AI ay makatutulong sa mga propesyonal na magbigay ng malalim na pag-unawa sa istadistikang datos ng mga pasyente na nagbubunga naman sa garantisadong pagtukoy ng karamdaman at epektibong pagbibigay ng medikal na reseta. Kaugnay ng naturang pag-aaral, isang kaso ang naitala kung saan binigyang-diin ang aplikasyon ng AI sa maagang pagtuklas ng kanser. Mula rito, sinasabing mayroong kakayahan ang AI na matukoy ang padron sa mga mammograpikong imahen na nagpapahiwatig ng paglago ng kanser na kadalasang higit na mas mataas ang katumpakan kung ikukumpara sa tradisyonal na pamamaraan. Gayonman, hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng agam-agam sa lubusang implementasyon ng AI sa pangangalaga ng kalusugan ng mga indibiduwal.

Sa isang onlayn na panayam kay Vince Gonzaga, isang panggabing iskolar sa De La Salle Santiago Zobel–Br. Rafael Donato Night High School (DLSZ-BRafeNHS) mula sa 10N, kaniyang pinahayag ang pagsuporta sa AI bilang isang kapaki-pakinabang na kasangkapan sa larangan ng medisina, subalit, binigyang-diin din niya ang mga panganib na maaaring idulot nito.

"Kumbaga, kahit na sa larangan pa iyan ng medisina, [halimbawa] napabibilis nito 'yung medikal na pamamaraan sa ospital, o produksyon ng mga gamot, pero kasi may panganib pa rin siya, kagaya ng pagkakaroon ng maling impormasyon, maaaring sa gamot, o pwede rin sa medikal na pamamaraan," paliwanag ni Gonzaga. Sa kabila nito, kaniyang binigyang-papuri ang mahalagang papel ng AI pagdating sa pagpapaunlad ng mga serbisyo at suportang may kinalaman sa kalusugan.

Ang malawakang pagsulong ng AI sa pangkalusugang aspekto ay hindi lamang limitado sa mga ospital. Bagkus, malaki rin ang tulong nito sa mga institusyong pang-edukasyon. Hamon kung maituturing para sa mga paaralan ang pagpapanatili ng kaligtasan at maayos na kalusugan ng mga mag-aaral. Hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng mga mag-aaral na mayroong *chronic* na kondisyon sa kalusugan tulad ng asthma, diabetes, allergies, at epilepsy.

Dito ngayon maaaring ipasok ng mga paaralan ang paggamit ng AI; maaaring suriin ng AI ang mga datos mula sa mga aparato, rekord, at iba pang sanggunian nang matukoy ang pinagmulan at potensyal na panganib sa kalusugan ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, laganap din ang kakayahan ng mga *chatbot* na pinapagana ng AI sa pag-aalok ng agarang suporta sa mga mag-aaral na nakararanas ng mga hamon sa kalusugang pangkaisipan. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga *chatbot*, maaaring matukoy ng AI kung ang isang mag-aaral ay nangangailangan ng mas malalim na suporta at gabay mula sa isang propesyonal, ayon sa The Role of AI in School Health Challenges and Solutions. Idinagdag din ditong may malawak na potensyal ang AI sa pangangalaga ng kalusugang pisikal at mental ng mga mag-aaral.

Hati naman ang opinyon ng ilang mga panggabing iskolar sa DLSZ-BRafeNHS kung isusulong sa paaralan ang paggamit ng AI upang mabantayan ang aspektong pangkalusugan ng mga mag-aaral. Mula sa isang onlayn na panayam kay Naziah Osma, mag-aaral mula sa 10N, ang implementasyon ng AI ay makatutulong sa pag-alam sa kalagayan ng mga mag-aaral.

"Kahit na sa pamamagitan ng AI, malaki na ang epekto nito [sa mental na kalusugan], parang *one-call-away* na kaibigan kapag may problema," pagpapalawig niya. Samantala, sumalungat naman dito si Robie Mallari mula sa 10O, inihayag niya ang pagsalungat sa AI bilang kasangkapan sa pangangalagang pangkalusugan. "Magkakaroon at magkakaroon ng pagkakamali ang AI dahil hindi naman ito ganoon ka-perpekto, na maaaring maglagay sa panganib sa buhay ng isang tao."

Mula sa mga naturang panayam, kabi-kabila ang opinyon at pananaw ng mga panggabing iskolar sa papel ng AI bilang isang tagapangalaga ng kalusugan. Sa paglawak ng sakop nito, maituturing bilang isang mahusay na pag-unlad ang AI sa larangan ng kalusugan. Gayonman, hindi rin maiiwasan ang panganib na kaakibat ng pag-unlad na ito. Samakatuwid, bagaman tinitingnan ang AI bilang salamin sa kagalingan—dahil habang umuunlad ito ay lumalawak ang ating kaalaman—marapat pa ring isaalang-alang ang hamon na dala nito sa pang-araw-araw na pamumuhay at karanasan ng karamihan.

PAGSASANIB-PUWERSA NG AI AT ROBOTICS, PAANO BINABAGO ANG MUNDO?

ISINULAT NI ZAIRA JANE NANKIL

Hindi maitatanggi na malawak na ang epektong hatid ng *artificial ntelligence* (AI) sa mundo at kung paano nito patuloy na hinuhubog ang kasalukuyang panahon. Kilalang-kilala ang AI sa mga kasangkapang ginagamit sa digital na aspekto at isa sa mga sikat na halimbawa nito ang ChatGPT. Ngunit ang paggamit ng AI ay hindi lamang dito natatapos, mailalapat na rin ito sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa paraan ng integrasyon nito sa larangan ng Robotics. Sa nakalipas na mga taon, maraming bansa ang nagsimulang yakapin at ituro sa kabataan ang Robotics, kabilang na ang Pilipinas.

Sa naganap na Summer Robot Games International Open and Youth Robotics Convention 2024 noong ika-11 at 12 ng Hulyo 2024, sa De La Salle Santiago Zobel-Alabang Campus (DLSZ) na dinaluhan ng 80 paaralan sa buong bansa at mahigit 500 na kalahok, nasungkit ng DLSZ Robotics Elite Team ang tagumpay at natatanging pagkilala. Ipinamalas nila ang kanilang galing sa pagsali sa iba't ibang kategorya na binubuo ng patimpalak kabilang ang Sumobot, Line Tracing, One Minute Games, at Innovation Projects. Bahagi rin ng patimpalak na ito ang piling mag-aaral mula sa DLSZ-Br. Rafael Donato Night High School (BRafeNHS) kung saan sinalihan nila ang sumusunod na kategorya:

[Junior's Bracket]

Sumobot 1KG

Alexander Michael Rivera (8M)
Allexcyr Guadalupe (9M)

[Senior's Bracket]

Hit the Ball – One Minute Game
Josh Michael Luistro (10N)
Emjay Mercado (11Q)

Move the Can – One Minute Game
Crisvier Romano (11O)
Franchezka Huelgas (11Q)

Layunin ng kumbensyon na tipunin ang mga mag-aaral at kabataan mula sa iba't ibang mga institusyon dala ang kani-kanilang mga robot na pinagagana sa pamamagitan ng *set of codes* ayon sa inihandang mga hamon sa bawat kategorya. Ayon kay Emjay Mercado (11Q), mag-aaral ng DLSZ-BRafeNHS, "Para sa Hit the Ball–One Minute Game, gumawa kami ng *robot* habang pinag-aaralan ang mga bahagi nito at tinuruan din kami kung papaano paganahin 'yung utak ng *robot* na tinatawag na 'Pop 32'. Arduino rin na isang *programming system* ang pangunahing ginamit namin sa pag-*code*." Nasungkit nina Emjay Mercado at Josh Luistro ng 10N ang ikatlong gantimpala para sa Hit the Ball–One Minute Game ng DLSZ-BRafeNHS. Tunay na nagpamalas sila ng galing dahil pinarangalan ang buong DLSZ Robotics Elite Team ng Gold Excellence Robotics Award sa pagkamit ng pinakamaraming kampeonato sa naturang kompetisyon. Kasalukuyang naghahanda ang mga kinatawan ng DLSZ-BRafeNHS para sa kanilang susunod na global na kompetisyong gaganapin sa ika-28 at 29 ng Oktubre.

Isang mahalagang bahagi sa tagumpay na ito ang paggamit ng AI. Mula pa sa pagsisimula ng paggamit nito noong 1940s, nilikha ang mga *digital computers* upang magsagawa ng mga komplikadong gawain at subukang tumugma sa makakayang gawin ng mga dalubhasa at propesyonal na tao sa iba't ibang larangan, batay sa artikulo ni B.J. Copeland. Sa pamamagitan ng *artificial intelligence* at *programming*, nagkakaroon ang mga makina, gaya ng isang *robot*, ng kakayahang mag-isip, lumutas ng problema, matuto, gumalaw, at magsalita nang mag-isa. Ang integrasyon ng AI sa mga *robot* ay mas lalong nagpatibay sa patuloy na pag-unlad ng Robotics dahilan para maging bahagi ito ng maraming institusyon sa buong mundo at mapag-aralan ng kahit sino man, maging kabataan at kaguruan. Dito sa Pilipinas at sa iba pang rehiyon ng ASEAN, kapaki-pakinabang ang paggamit ng robot at automation sa agrikultural, industriyal, at iba pang mga sektor higit pa sa implikasyon nito sa pang-akademikong layunin. Binigyang-diin sa opisyal na dokumento ng Departmento ng Edukasyon na bahagi ng K-12 Education sa Pilipinas ang Robotics sa pagbuo ng ika-21 siglong kasanayan ng mga mag-aaral. Makatutulong daw ito sa pagbibigay sa kanila ng karanasan sa pamamaraan ng mga komprehensibong aktibidad sa aspektong akademiko at agham. Samakatuwid, isa itong imbitasyon upang mas lalong magsikap ang mga mag-aaral na tumanggap ng mga hamon at isang daan upang kritikal na makapag-isip. Nagsilbing lugar ang kumbensyon upang makamit ang mga tunguhing ito na nagpakita naman ng malinaw na pakinabang para sa lumahok. "Dito mas napalago 'yung kritikal na pag-iisip namin at natuto kaming gamitin ang pag-usbong ng AI para maging malay kung saan ba natin magagamit 'yung kung anong mayroon tayo para sa magandang kinabukasan," pagbabahagi ni Mercado ng kanyang natutuhan.

Hindi lamang nagpakita ng galing at talento ang kabuoang DLSZ Robotics Elite Team, gayondin naipamalas nila ang mahahalagang kontribusyon ng ilang mag-aaral sa panggabing klaster na talagang Tatak BRafeNHS, nagbukas din ito ng panibagong ideya na ang AI ay hindi lang binubuo ng ChatGPT at iba pang mga AI tools, umuunlad ito sa marami pang inobasyon na ang mga tao rin ang may kakayahang kumontrol at magtakda sapagkat ang epekto ng AI ay ayon sa kung papaano ito ginagamit ng tao.

Siguro nga, pagdating ng araw, r*obots will take over the world* pero sa mabuting paraan lalo pa kung nasa tamang kamay ito ng kabataan.



KUHA NI: FRANCHEZKA HUELGAS

Kalahok na si Emjay Mercado ay pinaandar ang kanilang robot sa ginanap na Summer Robot Games International Open 2024 Youth Robotics Convention.

AGHAM-MAZING CLUB AWARENESS: SINING NG PAGTUKLAS AT PAGKATUTO

ISINULAT NI XYLENE JOYCE MARIANO

Kung ang buhay ay isang sining na patuloy na hinuhubog, paano mo ma-bibigyang kulay ang mga piraso ng iyong sarili? Ang tanong na ito ay nagbibigay-liwanag sa mga natatanging aspekto ng pagkakaroon ng *club awareness*—isang hakbang na tumutukoy sa pagpili ng angkop na nilalaman at ideya para sa kaangkupan ng isang aktibidad. Gayonman, ang pag-iisip na kaugnay ng mga *extracurricular* na gawain ay nakapagpapalakas ng mga *neural pathways* sa ating utak, na tumutulong sa pagpapabuti ng ating kakayahan sa *problem-solving* at *creativity*. Ngunit, ano ang koneksiyon nito sa larangan ng *club* higit pa para sa mga mag-aaral ng De La Salle Santiago Zobel–Br. Rafael Donato Night High School (DLSZ-BRafeNHS)? Hindi na lamang pang-akademikong kahingian ang nagpapaigting sa kaalaman ng mga mag-aaral; binibigyang-diin na rin ang pag-unlad sa iba't ibang aspekto ng buhay sa holistikong pamamaraan. Ang mga *extracurricular activities*, tulad ng mga *club*, ay may mabuting ambag sa paghubog ng kabuoang karakter ng mga mag-aaral. Pinalalakas nito ang kanilang kasanayan sa pakikisalamuha sa iba at nagbubukas ng mga pagka-kataon para sa personal at propesyonal na pag-unlad.

Pagbabahagi ng ilang mag-aaral mula sa Luntiang Dagitab sa nakalipas na unang *club meeting* na nakasanayan na nilang maging bahagi ng ganitong mga gawain simula elementarya pa lamang, ito rin ang kanilang mga hilig, at nakararanas sila ng kasiyahan sa ganitong mga aktibidad.

Sa kabilang banda, nasaan ang espasyo ng agham? Ang paglahok sa mga tiyak na larangan tulad ng mga *club* at organisasyon ay nagtutulak upang mas mapalalim ang sariling pag-unawa, mabawasan ang *stress*, mapalakas ang *self-confidence*, at mapaunlad ang kasanayan sa pamumuno. Ang ating kakayahan sa pakikipagtulungan, komunikasyon, at pagiging bukas sa iba ay may malaking epekto sa mga aktibidad na ginagawa sa mga *club*. Ayon sa pag-aaral mula sa Lancers Army Schools, nabibigyang-diin ng pagkakaroon ng kasanayan sa komunikasyon ang sumusunod: *academic success, career readiness*, *social* at *emotional development, critical thinking,* at *cultural competence.*

Gayunman, ang bisyon at misyon ng mga organisasyon sa DLSZ ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga indibiduwal na mas matutuhan, mahasa, at masanay ang kanilang mga kakayahan sa pamamagitan ng mga *club*. Tulad na lamang ng Social Action Office na naglalayong bigyang-pansin ang pagpapahalaga at kolaborasyon sa mga komunidad na nangangailangan. Bagaman para sa iba ay itinuturing ang *club* na sagabal sa pagtugon sa mga kurikular na pangangailangan, itinuturo nito ang kahalagahan ng pagiging balanse at aktibo sa sosyal na aspekto, na naghahanda sa mga mag-aaral para sa mga hamon sa labas ng akademikong buhay. Sa pang-araw-araw na pakikisalamuha, ginagamit natin ang ating konseptuwalisasyon bilang isang paraan upang mas mapalalim ang ating kakayahan na kumilos at maging malikhain bilang mamamayan at mag-aaral. Ang kasanayang ito ay nagpapabilis ng reaksyon ng ating utak, na nagbibigay-direksyon sa ating mga desisyon at aksiyon. Isa itong malaking salik dahil hindi lamang natin nahuhubog ang ating kasanayang pangkomunidad, sa halip ay nalilinang natin ang pansariling proseso tungo sa isang progresibong pag-iisip. Ang bawat aksyon at kaganapan sa mga aktibidad na ito ay nagbibigay ng malayang pag-iisip sa mga estudyante gaya ng mga nabanggit. Ang mga ito ay nagiging sanhi na maibsan ang *stress* ng bawat mag-aaral. Ayon sa pag-aaral ni Eva Oberle, nababawasan ang *stress*, *anxiety*, at nakadaragdag pa ng *self-fulfillment* ang pakikilahok sa mga gawaing nagbibigay-kagalakan sa ating kaisipan. Gaya ng mga LLIM Habits na itinuturo ng kaniya-kanyang guro at mag-aaral tuwing Alternative Learning Day (ALD), hindi lamang ito itinuturo upang magbigay-aral sa mga mag-aaral, partikular sa mga nakababatang baitang, ngunit repleksiyon ito ng mga halagahan ni San Juan Bautista de La Salle. Hindi man agad natin napapansin ang mga positibong aspekto ng mga bagay, may mga mahalagang salik na nagsisilbing sukatan sa kahalagahan ng pakikisalamuha, lalo na sa konteksto ng agham. Ngayon, isipin natin na ang mga gawaing ito ay ang ating *canvas*, kung saan ang kulay at konteksto na laman nito ay ang pagbuo ng mga piraso ng ating sarili.

KUHA NI: JORI ALORO

Paanyaya na "Welcome to Chemistry Laboratory" ay malugod na pagbati sa labas ng Chemistry Laboratory ng DLSZ.

DLSZ JUNIOR LADY ARCHERS, SINELYUHAN ANG FIL-CANADA SA NAKAKAPANINDIG-BALAHIBONG LABAN SA NBTC

ISINULAT NI BIANCA ISABELA VIADO

MULA SA: DLSZ FB PAGE

DLSZ Junior Lady Archers matapos ang kompetisyon sa National Basketball Training Center League noong Marso 18-22, 2024.

Sinungkit ng DLSZ Junior Lady Archers ang korona at nagpayanig sa National Basketball Training Center (NBTC) League, noong Marso 18-22, 2024, sa Gameville Ballpark, Mandaluyong City.

Sa kabila ng mahigpit na kompetisyon, ipinamalas ng DLSZ Junior Lady Archers ang kanilang kakayahan sa pagharap sa mga lokal at internasyonal na koponan, kabilang ang Fil-Canada, sa isang aban na nagtakda ng kanilang puwesto sa quarterfinals.

Sa simula pa lamang ng laro, ramdam na ang tensyon sa pagitan ng dalawang koponan. Naging mahigpit at dikit ang laban mula sa unang yugto. Sa unang sampa, nagpakitang-gilas ang parehong panig. Ang bawat puntos ay naging mahalaga na nagbunsod ng mas matinding sagupaan sa bawat kwarter. Sa kabila ng matinding tensyon sa laro, pinanatili ng DLSZ Junior Lady Archers ang kanilang pagiging kalmado at matagumpay na inungusan ang kanilang kalabang Fil-Canada. Sa kabila ng matinding kaba, hindi natinag ang koponan.

"The victory was definitely worth all the sweat and tears. Having that feeling of winning a game boosted our confidence not only individually but as a team because at the end of the day, all our efforts combined helped make that victory", ayon kay Candice Udal, isang NBTC All-Star Member.

Ang laban kontra Fil-Canada ay nagsilbing mahalagang yugto para sa DLSZ Junior Archers ng kanilang paglalakbay sa torneo. Sa huli, ang sama-samang pagsisikap ng buong koponan ang nagdala sa kanila ng mahalagang panalo, na nagbigay-daan upang sila ay umabante sa *quarterfinals* ng NBTC League.

ZOBEL IBK, MULING PUMUKAW NG PANSIN SA ASIA OCEANIA FLOORBALL CLUB

ISINULAT NI BIANCA ISABELA VIADO

Nagpasiklab ang Zobel IBK ng kanilang husay at nakamit ang ikatlong pwesto sa Asia Oceania Floorball Club na ginanap noong Hulyo 10-14, 2024, sa Hohhot City, China.

Sa kanilang unang laro laban sa Macau, nagsimula ang koponan nang may pagkabalisa sapagkat ito ang kanilang unang laban sa torneong ito. Nilagok ng koponanang kanilang mga kalaban sa iskor na 6-2. Sa ikalawang laro katunggali ang Tianjin, naging dominante at nilampaso nila ang katunggali na nagtapos ng 7-2 sa kanilang pabor.

Ngunit sa ikatlong laro katapat ang SC Harmony United, nahirapan ang pangkat na makuha ang kanilang ritmo at nagtapos sa pagkatalo, 3-6. Sa ikaapat na laro laban sa Rising Stars, bagaman lumaban sila nang husto, hindi pa rin nila naipaiskor na 4-8.

sa Shenzhen, naranasan nila ang matinding hamon. Dahil sa isang mahigpit na laban, naging tabla ang dalawa sa ikatlong kwarter at isinagawa ang golden ball round. Sa kasamaang-palad, isa sa kanilang kakampi ay natanggal dahil sa maling tawag ng tagahatol sa isang paglabag at nabawasan sila ng kasapi. Ipinakita pa rin nila ang kanilang tibay at determinasyon na makabawi sa kabila ng nangyari ngunit nabigo ang koponan at natapos ang laban sa *iskor na 5-6. "Sense of fulfillment pa rin at madami kaming nakilala sa competition*. Nakakalungkot pero *our coaches cheered for us* na *okay* lang 'yung nangyari. Masaya pa rin naman kami kasi *first time* lang naman namin sa *international competition* at nagkaroon kami ng *opportunity* para makasali rito", ani Jhon Joseph Austria at John Raniel Pesito. Sa kabila ng mga pagsubok, kabilang na ang mga pagsasanay na halos tumagal ng dalawang buwan kasabay ang pag-aaral, ipinakita ng koponan ang kanilang dedikasyon at determinasyon sa naturang kompetisyon.

Zobel IBK hawak ang mga parangal sa Asia Oceania Floorball Club noong Hulyo 10-14, 2024.

MULA SA: UNITED SOUTH FLOORBALL CLUB

DLSZ Baseball, nag-uwi ng sandamakmak na medalya sa Pony 19U Palomino at Palarong Pambansa!

ISINULAT NI TIMOTHY ETHAN GABAGAT

Pinatunayan ng mga atleta ng baseball ng De La Salle Santiago Zobel ang kanilang talento't husay matapos masungkit ng koponan ang pilak na medalya sa kompetisyong 2024 Pony 19U Palomino na Indonesia noong Hunyo 25-29, 2024, at hinirang na kampeon sa 2024 Palarong Pambansa sa City de Mare, Cebu noong Hulyo 25-29, bilang pambato ng National Capital Region (NCR).

Isinagawa ang 2024 Pony 19U Palomino sa isang round robin na pormat at nakalaban nila ang matitipunong manlalaro ng mga koponan ng Indonesia Red, Indonesia White, at Chinese Taipei.

Nangibabaw ang mga manlalaro sa kanilang unang pagsabak matapos talunin ang Indonesia White sa iskor na 15-0. Ngunit nahinto ang kanilang *momentum* matapos mabigong makalusot kontra Chinese Taipei sa iskor na 0-20. Nagawang bumawi ng mga atleta sa kanilang ikatlong laban sa Indonesia Red sa iskor na 4-2.

Muli nilang nakatapat ang koponan na Chinese Taipei para sa kampeonato ngunit hindi na ito binigyan ng pagkakataong bumawi at natapos ang finals sa iskor na 1-24. "*Mixed emotions* kami kasi 'yun na ang huling *bonding* at *tournament* ng *team* dahil kalahati na ng *team* ay papasok na sa *college*. Bilang mga iskolar, malaki ang pasasalamat namin sa kanila. Hindi lang 'yung pagturo sa amin sa bawat laro kundi maging sa labas ng *field*," ani Leohj Palanog ng 11O.

Sa unang yugto naman ng Palarong Pambansa, kontrolado ng koponan ang laro katapat ang mga atleta mula Zamboanga sa iskor na 17-3, Tarlac sa iskor na 7-0, at Ilocos sa iskor na 9-0. Habang umuusad ang kompetisyon, kinakailangan ng mga atleta na mag-*adjust* sa kondisyon ng *playing field*—isang *open field* na hindi patag na naging malaking hamon sa kanilang laro lalo na kapag masama ang panahon. Sa kabila nito, pinilit nilang ipanalo ang kanilang laban sa quarterfinals kontra Central Visayas, 11-0. Dikit ang huling dalawang laro ng koponan ngunit hindi natinag ang kanilang depensa. Sa kanilang tunggalian laban sa Eastern Visayas, ipinakita ni Laurence Valeros ng 11O ang kanyang husay sa pag-*pitch*. Sa loob ng limang innings, siyam na strikeout ang ibinato ng atleta, kaya natapos ang semi-finals sa iskor na 2-0. Sa kanilang huling laban, nakapagtala ng puntos ang koponan sa pangunguna nina Jan Rein Soriano at Aljun Tapia ng 11O. Ang palo ni Soriano ang nagbigay-hudyat para makatakbo si Tapia pa-balik sa home plate. Natapos ang finals ng kompetisyon sa iskor na 1-0 pabor sa NCR. Sina ng Alfonso Alcantara, Aljun Tapia, Amadeus Trozado, Leohj Palanog, Jan Rein Soriano, Laurence Valeros ng 11O ay mga kalahok mula sa DLSZ-BRafeNHS.

MULA SA: JAMfotos

Jan Rein Soriano at Alfonso Alcantara ng DLSZ Baseball Team, nag-eensayo para sa kanilang mga laban.

DLSZ Basketball Team sumabak sa UAAP Playoffs

MULA SA: DAGZ VISUALS

DLSZ Basketball Team laban sa UST para sa UAAP Season 86 noong Abril 24, 2024.

ISINULAT NI TIMOTHY ETHAN GABAGAT

Naging mainit ang laban ng dalawang koponan, natapos ang iskor 82-89 pabor sa UST at nagpasiya ang koponan para sa ikalimang pwesto, noong ika-24 ng Abril 2024, sa UST Quadricentennial Pavilion.

Kabilang ang mga atletang sina Jhon Ken Atienza, Melvin Steven Tailan, at Vince Magan na sumabak sa kompetisyon at naglarong punong-puno ng determinasyon sa kabila ng matinding bakbakan.

Biglaan ang naging anunsyo tungkol sa kompetisyon matapos ang UAAP Season 86, kaya limitado ang kanilang oras ng paghahanda. Ngunit hindi nila pinalampas ang pagkakataong subukan ang kanilang kakayahan. Sa tulong ng kanilang mga tagasanay, sinikap ng koponan na paghusayan ang bawat ensayo, pagtuonan ng pansin ang mga estratehiya at ibigay ang lahat sa bawat laro.

Bawat laro sa torneo ay naging pagsubok ng kakayahan at katatagan. Ang kanilang huling laban sa UST ang naging pinakamahalaga, dahil ang panalo ay magbibigay sa kanila ng pagkakataong makapasok sa playoffs. Madalas ay dikit ang laban at palitan ng lamang.

Malaking ambag ang presensiya ni Jhon Ken Atienza na nagpahirap sa kalaban matapos magpamalas ng kahanga-hangang *career-high* na 29 puntos at 22 *rebounds*. Nagbigay rin ng kontribusyon ang mga manlalaro na sina Vince Magan at Melvin Steven Tailan na umiskor ng 11 at 9 na puntos.

"Looking back, we performed well, despite not being as tall and athletic as the other teams. Unfortunately, we didn't make it to the final four, but it was still a good run for us. Even though we didn't win, we made a point to enjoy every game, celebrate our victories, and learn from our losses," ani Jhon Ken Atienza.

Bagamat hindi nakamit ng DLSZ Basketball Team ang kanilang layunin na makapasok sa *Final Four*, ang kanilang pinamalas na dedikasyon ay nagbigay ng karangalan sa paaralan.

I-SCAN PARA SA IBA PANG BALITA!

MULA KAY: SAMSON BERNALES

DLSZ Judo Team bitbit ang kanilang medalya sa 2024 Palarong Pambansa Qualifiers noong Abril 22-26, 2024.

DLSZ JUDO, BUMULUSOK SA PALARONG PAMBANSA

ISINULAT NI TIMOTHY ETHAN GABAGAT

Nanaig sa loob ng *mats* ang De La Salle Santiago Zobel (DLSZ)–Judo Team matapos ipamalas ang kahanga-hangang *performance* sa 2024 Palarong Pambansa Qualifiers noong Abril 22-26, 2024 sa Mandaluyong College of Science and Technology. Karamihan sa kanila ay nakasungkit ng medalya, ang ilan ay nagkamit ng ginto sa pagsabak nila sa Palarong Pambansa noong Hulyo 11-14, 2024 sa SM Seaside City Cebu.

Bagaman kulang sa karanasan ang koponan, hindi nagpatinag ang mga Judoka ng DLSZ. Pinatunayan nila na kaya nilang makipagsabayan sa mas bihasang mga kalaban. Ang kanilang matatag na loob, kaalaman sa *martial arts*, at determinasyong manalo ang naging susi nila para makapasok ang karamihan ng koponan sa kanilang medal placement matches. Sa pagtatapos ng kompetisyon, nag-uwi ang mga rookie wrestlers na sina Aiyah Rafols (-48 kg) at Gabrielle Talaue (-60 kg) ng dalawang gintong medalya, dalawang silver na medalya naman sina Mikee Trinidad (-66 kg) at Chloe Compra (-52 kg), at isang bronze na medalya si Timothy Gabagat (-62 kg). Ang mga nagkamit ng ginto ay napiling maging kinatawan ng National Capital Region, at nagpatuloy na humarap sa mas mahihigpit na kalaban sa nasabing torneo.

Nang magwakas ang kwalipikasyon, lumaban ang mga naturang magigiting na mga Judoka katunggali ang mga pambato ng iba't ibang rehiyon. Halos lahat ng mga rehiyon ay mayroong kinatawan kaya umaabot ng 16 ang mga manlalaro kada weight division at naging single elimination format ang naging estilo ng kompetisyon. Hindi nagpatinag ang kinatawang Judoka at muling lumaban nang may buong tapang. "Kahit walang *medal*, kahit mayroong panghihinayang pero *over-all*, masaya pa rin 'yung *experience*. *Fulfilled* kami dahil alam naming ginawa namin yung *best* namin. Hindi masama na sumubok ng mga bagong bagay. *Never stop learning,*" ani Talaue. Hindi nakalusot si Rafols sa kanyang laban kontra-kinatawan ng Region 9. Nanalo naman si Talaue sa kanyang unang laban kontra kinatawan ng BARMM sa pamamagitan ng *technical superiority*, ngunit pinigilan itong makaabante nang makatapat ang kinatawan ng Cagayan Valley (Region 2). Hindi man nakasampa sa podyum ngunit nagbigay pa rin ng magandang laban ang mga rookie wrestlers at patuloy pa ring susuportahan ng paaralan.

DLSZ TABLE TENNIS TEAM, SINAKMAL ANG KORONA SA ISSA TOURNAMENT

Muling pinatunayan ng De La Salle Zobel (DLSZ) Table Tennis Team ang kanilang husay sa Inter Scholastic Sports Association (ISSA) Tournament, noong ika-12 ng Oktubre 2024, sa International School Manila University, Taguig City.

Ang pormat ng kompetisyon ay batay sa mga *team matches* na binubuo ng Singles-Doubles-Singles. Isang pangunahing estratehiya na ginamit ng DLSZ ay ang pagbuo ng isang malakas na grupo ng mga manlalaro, lalo na sa kanilang unang singles player, na nagbigay sa kanila ng bentahe sa bawat nakalaban na paaralan.

Gayonman, may mga pagkakataon ding kinakailangang baguhin ang mga manlalaro, partikular sa doubles, na nagbigay-daan sa mga mas bagong manlalaro na magkaroon ng karanasan sa tunay na laban.

Sa *Boys' Team Finals* laban sa Xavier School, naging mainit ang labanan na halos nalasap ng kanilang unang singles player, si Troy John Rodriguez, ang pagkatalo, ngunit sa huli, tinahak niya ang daan patungo sa tagumpay at pinasadsad ang kalaban. Nang ang doubles team ay nakipagsagupaan, sa kasamaang-palad ay nadama ang pagkatalo.

DLSZ Table Tennis Team nagdiwang sa kanilang pagkapanalo sa ISSA noong ika-12 ng Oktubre 2024.

MULA KAY: YÑGO RAMOS

ISINULAT NI BIANCA ISABELA VIADO

Naging hamon kay Jhon Justine Felipe sa *doubles*, kung saan kasama ang kaniyang kapareha, ang kailangan na malampasan ang matinding kaba sa kompetisyon. Sa laban na ito, nagsimula sila ng may 1-0 kalamangan, ngunit dahil sa mga taktikal na paglalaro ng kalaban, umabot ito sa 2-2. Sa kabila ng mabagsik na tensyon, matagumpay nilang naipanalo ang huling set na nagbigay ng tagumpay sa koponan.

Sa kabila ng pag-aalala, nagkaisa ang buong koponan upang ipakita ang kanilang suporta kay Timothy Bert Anceno, ang pangatlong singles player, na nagbigay ng isang nakakapangilabot na tagumpay sa kanyang laban. Ang tagumpay na ito ay nagpatibay sa kanilang reputasyon at nagbigay-diin sa kanilang sunod-sunod na tagumpay sa ISSA tournaments na umabot na ng higit sa isang dekada.

Hindi rin nagpahuli ang mga manlalaro ng DLSZ Girls' Team na sina Kimberly Amandy, Isabelle Bernal, Ma Ana Therese Gumobao, Kimberly Odelmo, at Andrea Reblora na nagtagumpay sa kanilang mga laban sa buong torneo na lalong nagpatingkad sa tagumpay ng paaralan sa ISSA Competition.

"*From the last thrilling match of our team, we celebrated and we were happy that we were able to maintain the winning streak of DLSZ in the ISSA tournaments*," wika ni Felipe.

Sa hinaharap, tiwala ang DLSZ Table Tennis Team na magpapatuloy ang kanilang pagsasanay at paghahanda sa pamamagitan ng kanilang pagkakaisa at determinasyon na susi upang makamit ang tagumpay sa mga susunod pang laban.